


Mahahalagang Impormasyon
para sa mga Employer/Manggagawa
ng Fast Food:

FAIR W-ORKWEEK & FAST FOOD DEDUCTIONS LAWS NG NYC

Ipinapatupad ng Tanggapang ng Patakaran at Pamantayan ng Paggawa (Office of Labor Policy & Standards, OLPS) ng Kagawaran ng Ugnayang Mamimili (Department of Consumer Affairs, DCA) ang mga batas ng NYC sa Fair Workweek (Pantay na Linggo ng Trabaho) at Fast Food Deductions (Mga Pagkakaltas sa Fast Food) na nagkabisanoong ika-26 ng Nobyembre, 2017. Nilikha ng DCA ang pangkalahatang-ideya na ito para sa mga employer at empleyado. Bumisita sa nyc.gov/dca para sa karagdagang impormasyon, kabilang ang Madalas na mga Katanungan.

TANDAAN:

- Hindi maaaring magparusa, magmulta, gumanti, o gumawa ng aksyon ang mga employer laban sa mga empleyado na maaaring pumigil o humadlang sa kanila sa paggamit ng kanilang mga karapatan sa ilalim ng batas. Ang mga manggagawa ay dapat agarang makipag-ugnayan sa OLPS tungkol sa pagganti. Tingnan ang likod ng buklet.
- Sakop ng batas ang mga freelance worker hindi alintana ang kanilang katayuan sa imigrasyon.



Tungkol sa mga Batas

Sa ilalim ng **Fair Workweek Law**, ang mga employer ng fast food sa NYC ay dapat magbigay sa mga manggagawa ng maaasahang iskedyul sa trabaho at pagkakataon na magtrabaho sa bagong ilalabas na turnuhan bago kumuha ng bagong mga manggagawa.

Sa ilalim ng **Fast Food Deductions Law**, ang mga employer ng fast food ay dapat igtalang ang mga kahilingan ng empleyado na ikaltas ang mga boluntaryong pagbabayad mula sa kanilang mga sahod upang ipadala sa mga nonprofit na may sulat ng pagpapatala mula sa DCA. Saklaw din ng batas ang mga nonprofit. Hindi pinahihintulutan ng batas ang mga kontribusyon sa mga organisasyon ng manggagawa.

Saklaw na mga Empleyado

Ang mga employer—kabilang ang mga sub-kontraktor at kompanya ng pansamantalang tulong—na may mga manggagawa na nagsasagawa ng ilang mga tungkulin sa isang fast food na establisyemento sa NYC. *Tingnan ang seksyon sa Saklaw ng mga Empleyado.*

Ang fast food na establisyemento:

- Pangunahing nagbebenta ng pagkain at mga inumin.
- Kung saan nagbabayad ang mga kustomer bago kumain sa o sa labas ng establisyemento.
- Nag-aalok ng limitadong serbisyo.
- Ay bahagi ng kompanya ng fast food. AT
- Isa sa 30 o higit pang mga establisyemento sa bansa, kabilang ang pagiging bahagi ng isang pinagsamang negosyo o bilang hiwalay na pagmamay-ari na mga prangkisa.

Mga Fast Food na establisyemento na matatagupuan sa loob ng ibang uri ng mga establisyemento, tulad ng mga pamilihan, ay saklaw ng batas.

Saklaw na mga Empleyado

Ang mga empleyadong nagsasagawa ng hindi bababa sa isa sa mga sumusunod na tungkulin sa isang establisyemento ng fast food sa NYC:

- serbisyong pang-kostumer
- pagluluto
- paghahanda ng pagkain o inumin
- paghahatid
- seguridad
- pag-iimbak ng mga panustos o kagamitan
- paglilinis
- karaniwang pagpapanatili

Abiso ng mga Karapatan

Dapat magpaskil ang mga employer ng mga abisong inilarawan sa ibaba kung saan ang mga ito ay madaling makita ng mga empleyado sa bawat lugar ng trabaho sa NYC.

- MAYROON KANG KARAPATAN SA MAAASAHANG ISKEDYUL NG TRABAHO*
- MAYROON KANG KARAPATAN NA GUMAWA NG MGA KONTRIBUSYON SA MGA NONPROFIT SA PAMAMAGITAN NG IYONG EMPLOYER

*Dapat ipaskil ng mga employer ang abisong ito sa Ingles at sa anumang wika na pangunahing wika ng hindi bababa sa 5 porsyento ng mga manggagawa sa lugar ng trabaho kung mayroon sa website ng DCA nyc.gov/dca.

Pangkalahatang-ideya ng mga Karapatan ng Empleyado

Fair Workweek Law



Pagtatantyang Walang Masamang Hangarin at unang mga iskedyl sa trabaho na nakasulat sa o bago ang unang araw ng trabaho



14 araw (2 linggo) na paunang abiso ng iskedyl ng trabaho

Nakasulat na pahintulot ng manggagawa para sa anumang mga dagdag sa nakasulat na iskedyl sa loob ng 14 araw ng simula ng turnuhan



Karagdagang bayad para sa lahat ng mga pagbabago sa iskedyl na may mas mababa sa 14 araw na abiso – TINGNAN ANG TALAHAANAYAN SA IBABA



Nakasulat na pahintulot ng manggagawa dagdag ang \$100 na karagdagang bayad upang magtrabaho ng *clopening** na mga turnuhan



Prayoridad sa mga kasalukuyang mga manggagawa upang magtrabaho sa bagong ilalabas na mga turnuhan bago kumuha ang employer ng bagong mga empleyado

*Ang *clopening* ay nangangahulugan ng pagtatrabaho ng 2 turnuhan sa 2 araw kapag ang unang turnuhan ay magtatapos sa isang araw at walang 11 oras sa pagitan ng mga turnuhan.

Halaga ng Karagdagang Bayad para sa Huling-Minutong mga Pagbabago sa Iskedyl:

Haba ng abiso bago magkabisa ang pagbabago	Karagdagang oras sa trabaho o mga turnuhan	Pagbabago sa mga turnuhan pero walang pagbabago sa kabuuang oras ng trabaho	Binawasang oras ng trabaho o mga turnuhan
Mas mababa sa 14 araw na abiso	\$10 bawat pagbabago	\$10 bawat pagbabago	\$20 bawat pagbabago
Mas mababa sa 7 araw na abiso	\$15 bawat pagbabago	\$15 bawat pagbabago	\$45 bawat pagbabago
Mas mababa sa 24 oras na abiso	\$15 bawat pagbabago	\$15 bawat pagbabago	\$75 bawat pagbabago

Deductions Law



Tumanggap ng mga pagbubunyag mula sa nonprofit



I-awtorisa ang employer na magkaltas ng boluntaryong mga pagbabayad mula sa sahod upang ipadala sa isang nonprofit

Awtomatikong pagkaltas at pagbabayad sa nonprofit pagkatapos ng pagpapatala ng DCA sa nonprofit



Bawiin ang awtorisasyon na magkaltas ng boluntaryong mga pagbabayad

Ang karagdagang bayad ay hindi kinakailangan kapag:

1. Ang employer ay magsasara dulot ng: mga pagbabanta sa kaligtasan ng manggagawa o ari-arian ng employer; kabiguan ng pampublikong palingkurang-bayan; pagsasara ng pampublikong transportasyon; sunog, baha, o iba pang natural na sakuna; estado ng emerhensiya na idineklara ng pamahalaan.
2. Humiling ang manggagawa na magbago ng iskedyl sa partikular na turnuhan.
3. Nakipagpalit ang manggagawa ng turnuhan sa isa pang empleyado.
4. Ang employer ay dapat magbayad ng overtime para sa binagong turnuhan.

Pagpapanatili ng talaan

Ang mga employer ay dapat magtabi ng elektronikong talaan ng pagsunod na inilarawan sa ibaba para sa nasabing panahon. Kung nabigo ang employer sa pagtabi o paggawa ng mga talaan, ang mga empleyado ay tatanggap ng “rebuttable presumption” (pagpapalagay na pagsagot) sa kanilang pabor kapag dinala nila ang kanilang reklamo sa korte. Nangangahulugan ito na kargado ng employer ang pagpapakita na hindi nila nilabag ang batas.

Fair Workweek Law

Ang employer ay dapat magtabi ng mga talaan ng:

- Mga **oras ng trabaho kada linggo ng manggagawa**
- Mga **pinasukang turnuhan** ng bawat empleyado, kasama ng petsa, oras, at lokasyon
- **Mga Pagtatantyang Walang Masamang Hangarin** ng mga oras ng trabaho na ibinigay sa mga manggagawa
- **Nakasulat na pahintulot** ng mga manggagawa upang magtrabaho ng mga *clopenings* at upang mag-iskedyul ng mga pagbabago kung kinakailangan
- **Bawat nakasulat na iskedyl** na ibinigay sa mga manggagawa
- **Lahat ng mga karagdagang bayad** sa mga manggagawa, kabilang ang mga petsa at halaga

Itabi ang mga talaan ng tatlong (3) taon.

Deductions Law

Ang employer ay dapat magtabi ng mga talaan ng:

- Lahat ng mga awtorisasyon, pagbabawi, pagkaltas, at mga kontribusyon sa mga nonprofit
- Katibayan ng pagbabahagi ng inaatas na abiso ng mga karapatan

Magtabi ng mga talaan ng dalawang (2) taon.

Mga Reklamo

Magsampa ng reklamo sa OLPS. Pumunta sa nyc.gov/dca o tumawag sa 311 (212-NEW-YORK sa labas ng NYC) at itanong ang tungkol sa “Fair Workweek Law” o “Deductions Law.” Magsasagawa ang OLPS ng imbestigasyon at susubukang lutasin ang iyong reklamo. **Papanatiliing kumpidensyal ng OLPS ang pagkakakilanlan ng nagreklamo maliban kung ang pagbubunyag ay kinakailangan upang makumpleto ang imbestigasyon o iniatas ng batas.**

Magsampa ng kaso sa korte. Subalit, ang mga empleyado ay hindi maaaring magkaroon ng reklamo sa OLPS at kaso sa korte nang sabay.

Makipag-ugnayan sa OLPS

Bumisita sa nyc.gov/dca, mag-email sa FWW@dca.nyc.gov, o tumawag sa 311 at itanong ang tungkol sa “Fair Workweek Law” o “Deductions Law.”



Bill de Blasio
Mayor

**Consumer
Affairs**

Lorelei Salas
Commissioner

Pinoprotektahan at pinapahusay ng DCA ang pang-araw-araw na buhay pang-ekonomiya ng mga residente ng New York upang makalikha ng umuunlad na mga komunidad.